Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa

Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

2019

Plano sa Pangangasiwa ng Halalan ng County ng Mariposa

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Panimula ii

- Kasaysayan ii
- Pangkalahatang Pananaw iii

SEKSYON 1 – PLANO PARA SA EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE..... 1

- Mga Pangkalahatang Iniaatas 1
- Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad ng may Minoridad na Wika.. 3
- Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad na may mga Kapansanan 5

SEKSYON 2 – PLANO SA PANGANGASIWA NG MODELO NG SENTRO NG PAGBOTO..... 8

- Pangkalahatan 8
- Pag-access sa Balota..... 8
- Mahahalagang Bagay sa Sentro ng Pagboto... 9
- Mahahalagang Bagay sa Paghulog ng Balota 10
- Mga Karagdagang Konsiderasyon... 12

Panimula

Batayan

Noong 2002, binago ang Batas ng Estado ng California upang mabigyan ng opsyon ang mga botante na makapagparehistro bilang botanteng permanenteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo. Simula noon, tuloy-tuloy na nadaragdagan ang bilang ng mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo sa County ng Mariposa. Sa kasalukuyan, humigit-kumulang 70% ng mga botante sa County ng Mariposa ay mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo. Bagama't karaniwang nagpapakita ang County ng Mariposa ng mas mataas kaysa sa karaniwang dami ng bumoto, kadalasang nalalampasan ng paggamit sa pamamaraang ito ang dami ng bumoto sa mga lugar ng pagboto sa Araw ng Halalan

Nagkaroon ng malaking pagbabago sa batas ng halalan sa California noong 2016 sa pagpasa ng SB 450, na pinagtibay ang Batas sa Pagpili ng Botante (Voters Choice Act o VCA). Nagbigay-daan ito sa mga County sa California na magsagawa ng anumang halalan sa pamamagitan lang ng balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo, gamit ng mga Sentro ng Pagboto, simula Enero 1, 2020. Noong Hunyo 2, 2019, inaprubahan ng Lupon ng mga Tagapamahala ng County ng Mariposa ang pagpapatupad ng VCA sa County ng Mariposa.

Pangkalahatang-tanaw

Sa pagpapatibay ng VCA, inaatasan ang Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa na maghanda ng isang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan o EAP). Kaugnay nito, ang plano ay palawakin ang programa sa edukasyon ng botante ng County upang ipaalam sa mga residente ng Mariposa ang tungkol sa VCA, at makakuha rin ng feedback at impormasyon mula sa komunidad habang binubuo ito. Ang unang Halalan na gagamit ng bagong modelong ito ay ang Pampanguluhang Primaryang Halalan sa Marso 2020. Ang Plano na ito sa Pangangasiwa ng Halalan ay nagbibigay ng impormasyon sa kung paano ipatutupad ng County ang Batas sa Pagpili ng Botante. Maraming pagkilos ang kabilang sa planong ito na tumatanaw sa hinaharap at isinama bilang balangkas para sa inaasahang maisagawa.

Kasunod ng pagpapatibay ng VCA noong Hunyo ng 2019, nagtatag ang Tagapagrehistro ng mga Botante (Registrar of Voters o ROV) ng County ng Mariposa ng pinagsamang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee o VAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (Language Accessibility Advisory Committee o LAAC). Itinatag ang komiteng ito upang makapagbigay ng feedback at gabay sa Kagawaran ng Halalan at patuloy itong magiging mahalagang bahagi ng pangangasiwa ng halalan sa County ng Mariposa.

Sa madaling salita, ang bagong modelong ito ng pagsasagawa ng halalan sa County ng Mariposa ay nagbibigay ng higit na pag-aangkop sa mga botante sa pagtatala ng kanilang mga balota. Ang lahat ng

nakarehistrong botante ay padadalhan ng balota sa pamamagitan ng koreo 29 na araw bago ang halalan. Pagkatapos ay maaari nilang piliing ibalik ang kanilang may botong balota sa pamamagitan ng koreo, gamit ang kasamang pambalik na sobreng bayad na ang selyo. Maaari rin nilang piliing magpunta sa isa sa mga Sentro ng Pagboto sa County. Sa panahon ng pagbuo ng Planong ito sa Pangangasiwa ng Halalan, inaasahan ng County na makapagtatag ng apat na Sentro ng Pagboto (2 sentro ng pagboto na magbubukas nang sampung araw at 2 sentro ng pagboto na magbubukas nang apat na araw). Bilang karagdagan, mayroong inaasahang 3 lugar ng kahong hulugan ng balota na magiging available 28 araw bago ang halalan, kung saan maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota.

Ang mga Sentro ng Pagboto ay gagana tulad ng mga lugar ng pagboto, na nagbibigay-daan sa mga botanteng personal na itala ang kanilang mga balota, sa papel man o sa pamamagitan ng paggamit ng madaling magamit na kagamitan para sa pagmarka ng balota. Maaari ring itala ng mga botante ang kanilang mga balota o humiling at tumanggap ng mga pamalit na balota sa alinmang Sentro ng Pagboto sa buong county, at maaari rin silang magparehistro o mag-update ng kanilang pagpaparehistro. Ang mga botanteng hindi nakapagparehistro bago ang pagsasara ng pagpaparehistro (14 na araw bago ang halalan), ay maaaring Kondisyonal na Magparehistro para Bumoto (Conditionally Register to Vote o CVR) sa alinmang Sentro ng Pagboto at magtala ng pansamantalang balota sa Araw ng Halalan.

SEKSYON 1 – PLANO PARA SA EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE

Mga Kinakailangan

1-A Paggamit ng media para sa layunin ng pagbibigay-alam sa mga botante ng pagkakaroon ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling magamit na format at ang proseso ng paghiling para sa nasabing balota.
§4005(a)(10)(I)(i)(II), §4005(a)(10)(I)(i)(VIII)

Magbibigay ang ROV ng County ng Mariposa ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng balota ng VBM sa isang madaling magamit na format at ang proseso ng paghiling para sa nasabing balota gamit ang mga outlet at pamamaraang inilarawan sa Seksyon 1-B ng dokumentong ito, at mga outlet tulad ng sumusunod:

1. Lokal na pahayagan (Mariposa Gazette)
2. Radyo (KRYZ radio 98.5 FM)
3. Social Media at website ng Kagawaran
    - Facebook ng Halalan ng County
    - www.mariposacounty.org
4. Video blog ng Lokal na Komunidad (Yosemite Gold Country)
5. Pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo tulad ng mga partner ng komunidad, organisasyong may adbokasiya, nahalal na opisyal, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, organisasyong nakabatay sa komunidad, organisasyong nakabatay sa paniniwala, Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa buong County.
6. Mga Kagawaran ng County (tulad ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Serbisyong Pangkomunidad, at Mga Serbisyo para sa Beterano).
7. Mga anunsyo ng Pampublikong Serbisyo, na malawakang ipamamahagi sa lahat ng outlet na nagseserbisyo sa County

Kabilang sa impormasyong ibibigay ang opsyong gumamit ng madaling magamit na kagamitan para sa pagboto sa alinmang Sentro ng Pagboto, at kung paano gamitin ang kagamitan; at ang pamamaraan para sa paghiling, pagmarka, at pagsusumite ng madaling magamit na balota sa pamamagitan ng programang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa pamamagitan ng koreo (Remote Accessible Vote-by-mail o RAVBM) ng County. Hindi nilalayon ng County ng Mariposa na magpokus sa paggamit ng mga outlet ng telebisyon dahil sa walang mga lokal na network.

1-B Presensya ng Komunidad sa mga Edukadong Botante sa Batas sa Pagpili ng Botante

§4005(a)(10)(I)(i)(III)

Ang presensya ng komunidad ng ROV ng County ng Mariposa ay direktang makapagbibigay ng impormasyon sa Modelo ng Sentro ng Pagboto sa mga botante at sa mga dadalo sa iba't ibang kaganapan at pulong. Ang layunin ay makipag-ugnayan sa mga partner ng komunidad, kasama ang VAAC and LAAC, upang matukoy ang mga oportunidad upang paunlarin ang kaalaman ng ating mga botante, maghandog ng mga pagpapamalas ng mga kagamitan sa pagboto, at ipaliwanag kung paano humiling at magtamo ng madaling magamit na balota. Ang mga botante ay magkakaroon ng iba't ibang oportunidad para makuha ang naturang impormasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

1. VAAC/LAAC ng County ng Mariposa
    - Maaaring kabilang sa mga pulong ang pagpapamalas ng sistema ng pagboto at mga update na nagbibigay ng impormasyon.
    - Anumang materyal na nabuo kasama ng mga miyembro ng VAAC/LAAC ay ipapakita para sa pamamahagi sa kanilang mga komunidad

2. Mga presentasyon sa iba't ibang tagapakinig/pulong:
    - Lupon ng mga Tagapamahala ng County
    - Mga Sentral na Komite at Pulitikal na Komite ng County
    - Mga Lupon ng Distrito ng Paaralan
    - Mga Lupon ng Espesyal na Distrito
    - Mga Philanthropic na Organisasyon (tulad ng Soroptimist, Rotary, Lions, atbp.)
    - Mga Pampublikong Aklatan ng County ng Mariposa
    - Mga umuulit na kaganapan

1-C Paggamit ng Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante

§4005(a)(10)(I)(i)(VII)

Gagamitin ng mga Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa ang mga kinakailangang mapagkukunan para matiyak na alam ng mga botante ang tungkol sa proseso ng pagboto sa modelo ng Sentro ng Pagboto. Ang impormasyon sa badyet para sa halalan sa Marso 2020, pati na rin ang paghahambing ng mga badyet para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan mula sa mga nakalipas na taon ay available kung hihilingin.

1-D Mga direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante na nagbibigay ng impormasyon sa paparating na halalan at nag-aanunsyo ng walang bayad na hotline ng tulong sa botante.

§4005(a)(10)(I)(i)(X)

Ang Kagawaran ng Halalan ay makikipag-ugnayan sa bawat botanteng nakarehistro sa County ng Mariposa nang dalawang beses sa pamamagitan ng koreo upang magbigay ng impormasyon tungkol sa paparating na halalan at sa pagiging available ng walang bayad na hotline ng tulong sa botante. Maaari ring magbigay ng impormasyon ang mga pakikipag-ugnayan sa kung kailan dapat asahan ang Gabay sa Impormasyon ng Botante at mga opsyon sa pagboto sa Modelo ng Sentro ng Pagboto na halalan.

1-E Postcard na bayad na ang selyo para sa paghiling ng mga materyal sa isang panghaliling wika o isang madaling magamit na format ng VBM

§4005(a)(10)(I)(i)(X)

Ang lahat ng nakarehistrong botante ay makakatanggap ng postcard na bayad na ang selyo kasama ng kanilang Gabay sa Impormasyon ng Botante o sa pakete ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na maaaring ibalik ng botante sa Opisyal ng Halalan ng County para sa layuning humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang wika maliban sa English o para sa layunin ng paghiling sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa madaling magamit na format.

Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad ng Minoryang Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(I)

Nagtatag ng isang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) noong Agosto 2019 upang magpayo at tumulong sa pagpapatupad ng mga pederal at pang-estadong batas na nauugnay sa pag-access sa proseso ng halalan ng mga botanteng hindi English ang gustong wika. Binubuo ang LAAC ng mga lokal na residente na nagmumungkahi sa ngalan ng mga komunidad ng minoryang wika ng County.

1-F Ipaalam sa mga botante ang Paparating na Halalan at Ianunsyo ang Walang Bayad na Hotline ng Tulong sa Botante kasama ang Media na Nagseserbisyo sa mga Komunidad ng Minoryang Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(I)

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga komunidad ng minoryang wika, kabilang ang impormasyon tungkol sa Modelo ng Sentro ng Pagboto, mga opsyon sa pagboto, at walang bayad na access hotline para sa tulong ay isasagawa upang maisama ang:

1. Website ng Kagawaran (www.mariposacounty.org)
2. Social Media (Facebook Page ng Halalan)
3. Pagbabahagi ng mga materyal sa mga partner ng komunidad, organisasyong may adbokasiya, nahalal na opisyal, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, organisasyong nakabatay sa komunidad, organisasyong nakabatay sa paniniwala, at Opisyal ng Pampublikong Impormasyon.
4. Mga Anunsyo ng Pampublikong Serbisyo, na malawakang ipamamahagi sa mga outlet na nagseserbisyo sa County.
5. Mga Kagawaran ng County (tulad ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Serbisyong Pangkomunidad, at Mga Serbisyo para sa Beterano).
6. Radyo (KRYZ radio 98.5 FM)

Hindi nilalayon ng County ng Mariposa na magpokus sa paggamit ng mga outlet ng telebisyon dahil sa walang mga lokal na network.

1-G Pagtukoy sa mga Botanteng kabilang sa Minoryang Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(V)

Ginagamit ng Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa ang pagpili ng gustong wika ng botante na makikita sa kanilang form ng pagpaparehistro ng botante upang matukoy ang mga botanteng kabilang sa minoryang wika. Maaari ring makipag-ugnayan ang mga botante sa Kagawaran ng Halalan sa pamamagitan ng telepono o email upang i-update ang kanilang gustong wika o ibigay ang kanilang gustong wika sa mga opisyal ng sentro ng pagboto sa halalan.

1-H Workshop sa Edukasyon ng Botante para sa mga Botanteng kabilang sa Minoryang Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(VI), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ia)

Magsasagawa ng workshop sa edukasyon ng bilingual na botante para sa bawat wikang pederal o pang-estadong iniaatas ng County ng Mariposa. Sa panahon ng paghahanda ng planong ito, ang mga iniaatas na wika ng Mariposa, maliban sa English ay Spanish at Tagalog. Isasagawa ang mga workshop sa huling bahagi ng 2019 hanggang sa unang bahagi ng 2020 at magbibigay ang

mga ito ng oportunidad sa mga komunidad ng wika ng County na makatanggap ng impormasyong tungkol sa tulong sa mga materyal na available sa partikular na wika, bilang karagdagan sa proseso ng pagboto sa Modelo ng Sentro ng Pagboto. Ang lahat ng workshop ay magkakaroon ng mga tagapagsalin na partikular sa wika upang matulungan ang mga dadalo. Ang impormasyon tungkol sa mga kaganapan ng workshop ay iaanunsyo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pulong.

1-I Anunsyo ng Pampublikong Serbisyo para sa mga Mamamayang kabilang sa Minoryang Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(IX)

Gagamitin ang mga Anunsyo ng Pampublikong Serbisyo upang ipaalam sa mga botante sa mga komunidad ng minoryang wika ang paparating na halalan at ang walang bayad na hotline ng tulong. Ipamamahagi ang mga PSA sa pamamagitan ng mga komunidad ng minoryang wika, pati na rin sa pamamagitan ng website at Facebook page ng County

Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad ng May Kapansanan

Nagtatag ng isang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee o VAAC) noong Agosto 2019 upang magpayo at tumulong sa pag-access sa proseso ng halalan ng mga botanteng may mga kapansanan. Binubuo ang VAAC ng mga lokal na residente na nagmumungkahi sa ngalan ng komunidad ng may kapansanan.

1-J Ipaalam sa mga Botante ang Pagkakaroon ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa Madaling Magamit na Format at ang Proseso ng Paghiling para sa Nasabing Balota

§4005(a)(10)(I)(i)(II)

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga komunidad ng may kapansanan, kabilang ang impormasyon tungkol sa Modelo ng Sentro ng Pagboto, mga opsyon sa pagboto, at walang bayad na access hotline para sa tulong ay isasagawa upang maisama ang:

1. Website ng Kagawaran (www.mariposacounty.org)
2. Social Media (Facebook Page ng Halalan)
3. Pagbabahagi ng mga materyal sa mga partner ng komunidad, organisasyong may adbokasiya, nahalal na opisyal, espesyal na distrito, distrito ng paaralan,

organisasyong nakabatay sa komunidad, organisasyong nakabatay sa paniniwala, at Opisyal ng Pampublikong Impormasyon.
4. Mga Anunsyo ng Pampublikong Serbisyo, na malawakang ipamamahagi sa mga outlet na nagseserbisyo sa County
5. Mga Kagawaran ng County (tulad ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Serbisyong Pangkomunidad, at Mga Serbisyo para sa Beterano).
6. Radyo (KRYZ radio 98.5 FM)

Hindi nilalayon ng County ng Mariposa na magpokus sa paggamit ng mga outlet ng telebisyon dahil sa walang mga lokal na network.

1-K Ang website ay mayroong madaling magamit na impormasyong available sa publiko

§4005(a)(10)(I)(i)(IV)

Ang impormasyon sa website ng County (www.mariposacounty.org) ay nasa mga madaling magamit na format at available ito sa publiko. Kabilang dito ang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan at iba pang impormasyong nauugnay sa Batas sa Pagpili ng Botante, pati na rin ang impormasyon tungkol sa pagpaparehistro upang bumoto at pakikilahok sa proseso ng halalan. Available rin ang impormasyong partikular sa halalan sa website sa isang madaling magamit na format.

Kabilang sa impormasyong ibibigay ang sumusunod:

1. Ang lahat ng botante ay tatanggap ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (vote-by-mail o VBM)
2. Ang opsyong gumamit ng madaling magamit na kagamitan para sa pagboto sa alinmang Sentro ng Pagboto, at kung paano gamitin ang kagamitan
3. Ang pamamaraan para sa paghiling, pagmarka, at pagsusumite ng madaling magamit na balota sa pamamagitan ng programang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa pamamagitan ng koreo (Remote Accessible Vote-by-mail o RAVBM) ng County

1-L Ipaalam sa mga Botante ang Pagkakaroon ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa Madaling Magamit na Format at ang Proseso ng Paghiling para sa Nasabing Balota

§4005(a)(10)(I)(i)(II)

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa mga komunidad ng may kapansanan, kabilang ang impormasyon tungkol sa Modelo ng Sentro ng Pagboto, mga opsyon sa pagboto, at walang bayad na access hotline para sa tulong ay isasagawa upang maisama ang:

1. Website ng Kagawaran (www.mariposacounty.org)
2. Social Media (Facebook Page ng Halalan)
3. Pagbabahagi ng mga materyal sa mga partner ng komunidad, organisasyong may adbokasiya, nahalal na opisyal, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, organisasyong nakabatay sa komunidad, organisasyong nakabatay sa paniniwala, at Opisyal ng Pampublikong Impormasyon.
4. Mga Anunsyo ng Pampublikong Serbisyo, na malawakang ipamamahagi sa mga outlet na nagseserbisyo sa County
5. Mga Kagawaran ng County (tulad ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Serbisyong Pangkomunidad, at Mga Serbisyo para sa Beterano).
6. Radyo (KRYZ radio 98.5 FM)

Hindi nilalayon ng County ng Mariposa na magpokus sa paggamit ng mga outlet ng telebisyon dahil sa walang mga lokal na network.

1-M Workshop sa Edukasyon ng Botante para sa Komunidad ng May Kapansanan

§4005(a)(10)(I)(i)(VI), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ib)

Magsasagawa ang County ng Mariposa ng workshop sa edukasyon ng botante upang madagdagan ang kakayahan at pakikilahok ng mga kwalipikadong botanteng may kapansanan. Isasagawa ang mga workshop sa huling bahagi ng 2019 hanggang sa unang bahagi ng 2020 at isasama sa workshop ang edukasyon tungkol sa proseso ng pagboto sa Modelo ng Sentro ng Pagboto, mga pagpapamalas ng kagamitan sa pagboto, ang kadaliang magamit ng kagamitan sa pagboto, impormasyon sa hulugan ng balota, at mga opsyon para sa elektronikong pagtamo ng madaling magamit na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang impormasyon tungkol sa mga kaganapan ng workshop ay iaanunsyo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pulong.

SEKSYON 2 – PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

Pangkalahatan

2-A Access sa Walang Bayad na Telepono

§4005(a)(10)(I)(vii)

Nag-aalok ng walang bayad na suporta sa telepono ang Kagawaran ng Halalan sa lahat ng oras ng negosyo. Available ang mga kawani upang tulungan ang mga tumatawag sa mga wikang pederal/pang-estadong iniaatas.

Walang bayad na hotline (866) 607-8241

Access sa Balota

2-B Access sa Balota ng VBM ng mga Botanteng May Kapansanan

§4005(a)(10)(I)(ii)

Pagtanggap ng Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Vote-By-Mail o VBM) sa pamamagitan ng Koreo

Ang lahat ng mga botanteng nakarehistro sa County ng Mariposa ay makakatanggap ng pakete ng balota ng VBM sa pamamagitan ng koreo para sa bawat halalan. Ang nakalakip na balota ay maaaring markahan at ibalik sa sobre ng pagkakakilanlan na kasama sa pakete ng VBM.

Pagtanggap ng Madaling Magamit na Balota – Mga Sentro ng Pagboto

Ang mga nakarehistrong botante ay mayroong opsyong gamitin ang isa sa mga madaling magamit na kagamitan para sa pagmarka ng balota sa alinmang sentro ng pagboto. Ang mga botante ay magpapatala, hihingi ng madaling magamit na balota, at bibigyan ng key card na magpo-populate sa madaling magamit na kagamitan ng kanilang balota. Ang balota ay maaaring markahan gamit ang touchscreen na display, ibinigay na audio tactile na kagamitan o gamit ang kanilang sariling pantulong na teknolohiya. Ang mga madaling magamit na aparato ng pagboto ay isasaayos upang mabigyan ang lahat ng botante ng oportunidad na itala ang kanilang balota nang pribado at independiyente.

Paghiling ng Malayuang Madaling Magamit na Balota ng VBM

Maaaring piliin ng mga botanteng may kapansanang nakarehistro sa County ng Mariposa na mag-online, sa pamamagitan ng sistemang Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail o RAVBM) upang humiling ng nada-download na balota. Ang RAVBM ay nagkakaloob sa mga botanteng may kapansanan ng kakayahang humiling ng isang balota ng VBM na ipadadala sa botante sa paraang elektronikal. Ang elektronikong balota ay maaaring i-download sa computer ng botante, markahan gamit ang sariling pantulong na teknolohiya ng botante, at saka ilimbag. Ang balotang ito ay maibabalik sa paraang katulad ng alinmang balota ng VBM: sa pamamagitan ng koreo, sa isang Kahong Hulugan, o sa alinmang Sentro ng Pagboto.

Paghiling ng Pamalit na Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng pamalit na balota sa pamamagitan ng telepono sa (209) 966-2007, sa pamamagitan ng pag-fax ng kanilang kahilingan sa (209) 966-6496, sa pamamagitan ng pagpapakita sa isang Sentro ng Pagboto o Tanggpan ng Halalan, o sa pamamagitan ng sistema ng online na RAVBM.

Mga Kinakailangan sa Sentro ng Pagboto

2-C Seguridad ng Proseso ng Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto

Ligtas na Pagboto sa Sentro ng Pagboto
§4005(a)(10)(I)(iv)

Ang lahat ng pagbotong isinagawa sa mga Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa mga pamantayang panseguridad ng Kalihim ng Estado ng California, mga pamamaraang panseguridad ng Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa, at mga panuntunang nasa Code ng Halalan ng California at Pamamaraan ng Paggamit sa Sistema ng Pagboto ng California. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa; pagtiyak na ang lahat ng kagamitan sa Sentro ng Pagboto ay naselyuhan, inimbak, inihatid, at ginamit alinsunod sa mga panuntunang ito. Bilang karagdagan, ang mga kasalukuyang panuntunan ay nangangailangan ng presensya ng hindi bababa sa dalawang trabahante ng halalan sa lahat ng oras.

Mga Planong Panseguridad at Pangkagipitan

§4005(a)(10)(I)(i)(VIII)

Pagpigil sa Pagkagambala, Pagpapatuloy ng Operasyon ng Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ia), §4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ib)

Ang lahat ng kawani, kabilang ang mga nagtatrabaho sa mga Sentro ng Pagboto, at ang mga nagkakaloob ng teknikal na suporta at suporta sa pagsunod, ay dadalo sa pagsasanay sa pagpapagana ng kagamitan sa pagboto, pagsasaayos ng isang Sentro ng Pagboto, pagtulong at pagproseso sa mga botante, pagbabantay sa sensitibong kagamitan bawat gabi, at ang mga wastong pamamaraan kung sakaling magkaroon ng emerhensya.

Sa ilalim ng mga pag-aatas ng sistema ng pagboto ng California, ang lahat ng sertipikadong kagamitan ay dapat gumana sa pamamagitan ng kuryente ng baterya kung sakaling mawalan ng kuryente. Ang lahat ng lokasyon ay magkakaroon ng cell phone. Ang Sheriff ng County ay makakatanggap ng listahan ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, ang bawat Sentro ng Pagboto ay bibigyan ng mga pamamaraang pang-emerhensya at isang manual ng panuto para sa pagpapatakbo ng isang Sentro ng Pagboto at pagproseso sa mga botante sa sitwasyong pang-emerhensya.

Ang County ng Mariposa ay agad na kikilos upang malutas ang pagkagambala sa isang Sentro ng Pagboto at ang bawat pagkagambala ay magkakaroon ng sarili nitong pagtugon. Karaniwan, kung may isang Sentro ng Pagboto na nagambala, agad na aatasan ng County ng Mariposa ang mga kawani na idirekta ang mga botante sa isa pang Sentro ng Pagboto, at ipaaalam ito ng County sa lokal na Sheriff, at tanggapan ng Kalihim ng Estado, at magbibigay ng mga update sa media upang matiyak na alam ito ng mga botante. Kung mayroong kalamidad o iba pang sakuna na mangyayari at makakaapekto sa pisikal na lokasyon ng isang Sentro ng Pagboto o lugar ng hulugan ng balota, magiging available ang mga karagdagang notification, abiso, at kawani upang idirekta ang mga botante sa isang panghaliling lokasyon. Kung sakaling kailanganing ihinto ang lahat ng gawain sa isang Sentro ng Pagboto, agad na itatabi nang ligtas ng mga kawani ang kagamitan sa pagboto ng Sentro ng Pagboto na iyon at itatala ang lahat ng materyal sa pagboto alinsunod sa Code ng Halalan ng California at mga alintuntunin sa Paggawa at Pagkumpleto ng Balota. Gagawin ang lahat ng pagsusumikap upang makapagbukas ng pamalit na Sentro ng Pagboto at malawakang ipapaalam sa publiko ang impormasyon tungkol sa pagbabago.

2-D Mga Sentro ng Pagboto: Itatakda pa ang Bilang, Mga Lokasyon at Oras ng Operasyon na Available sa Panahon ng Paglalathala

§4005(a)(10)(I)(vi)

Sa kabuuan, magkakaroon ng apat na Sentro ng Pagboto na available sa lahat ng botante sa County ng Mariposa. Nasa ibaba ang isang listahan ng mga iminungkahing Sentro ng Pagboto. Ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magiging bukas nang hindi bababa sa 8 oras bawat araw. Sa Araw ng Halalan, ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magiging bukas mula 7:00am hanggang 8:00pm. Ang mga eksaktong oras ng bawat Sentro ng Pagboto ay ipo-post sa website ng County ng Mariposa sa www.mariposacounty.org at isasama sa mga pakete ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na ipadadala sa lahat ng nakarehistrong botante.

Mga Sentro ng Pagboto na Bukas 10 araw Bago ang at sa Araw ng Halalan:

Mariposa County Elections Office	**Bootjack Volunteer Fire Department**
4982 10th Street	3883 Bootjack Lane
Mariposa, CA 95338	Mariposa, CA 95338

Mga Sentro ng Pagboto na Bukas sa Araw ng Halalan at Isang Araw Bago ang Araw ng Halalan:

Greeley Hill Public Library	**El Portal Public Library**
10332 Fiske Road	9670 Rancheria Flat Road
Coulterville, CA 95311	El Portal, CA 95318

Mga Detalye ng Sentro ng Pagboto

Pagtatalaga ng mga Kawani sa mga Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Ang bawat Sentro ng Pagboto ay pansamantalang magkakaroon ng hindi bababa sa apat na may bayad na kawani kabilang ang isang Tagapamahala ng Sentro ng Pagboto. Palaging magiging nandoon ang hindi bababa sa dalawang kawani anumang oras sa bawat Sentro ng Pagboto.

Disenyo at Layout ng mga Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(I)(vi)(XI)

Ididisenyo ang mga sentro ng pagboto sa paraang matitiyak na ang bawat botante ay mayroong karapatang magtala ng pribado at independiyenteng balota. Ang kagamitan sa pagboto at mga kahong hulugan ng balota ay ilalagay sa mainam na lokasyon sa Sentro ng Pagboto upang madaling matukoy ng mga botante at masubaybayan ng mga kawani ng Sentro ng Pagboto ang mga ito.

Mga Kinakailangan sa Hulugan ng Balota

2-E Mga Lokasyon ng mga Hulugan ng Balota

§4005(a)(10)(I)(vi)(IV), §4005(a)(10)(I)(vi)(VII)

Sa panahon ng pagbuo ng dokumentong ito, inaasahan ng County ng Mariposa na magkaroon ng hindi bababa sa tatlong lugar ng hulugan ng balota sa buong County. Ang mga lokasyon ng hulugan ng balota ay magiging available sa mga regular na oras ng negosyo. Magkakaroon ng isang 24 na oras na lokasyon ng hulugan ng balota na magsasara nang 8pm sa Araw ng Halalan. Ang mga eksaktong oras ng kahong hulugan ng bawat lokasyon ay ilalathala sa aming website sa www.mariposacounty.org at isasama sa mga pakete ng balota ng VBM na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante.

Ang mga lokasyon ng hulugan na kasalukuyang sinusuri ay nakalista sa ibaba, ngunit ang layunin ay makipag-ugnayan sa LAAC, VAAC at mga miyembro ng komunidad upang ganap na matukoy ang mga lokasyon ng hulugan na kilala at talagang madaling mapuntahan.

24 na Oras na Lokasyon ng Hulugan ng Balota

Mariposa County Administration Building

5100 Bullion Street

Mariposa, CA 95338

Nasa Labas at Madaling Mapuntahan

Mga Pang-araw na Lokasyon ng Hulugan ng Balota

Lake Don Pedro Community Services Office

9751 Merced Falls Road

La Grange, CA 95329

Bassett Memorial Library

7971 Chilnualna Falls Road

Wawona, CA 95389

Pinag-aaralan din ang mga lokasyon ng hulugan sa mga lugar ng Ponderosa Basin, Catheys Valley at Yosemite Valley.

Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang

2-E Mga Tinantyang Gastusin at Pagtitipid Sa Ilalim ng Planong Ito

§4005(a)(10)(I)(v), §4005(g)(2)

Ang unang pagpapatupad ng Voter's Choice Act (Batas sa Pagpili ng Botante) ay inaasahang magreresula sa mga pagtitipid sa gastusin sa mga lugar na may kaugnayan sa paglalathala ng balota at paglalagay ng staff sa sentro ng pagboto. Ang naunang pagtaas sa mga gastusin ay maaaring mangyari sa pagbili ng bago at/o karagdagang kagamitang kailangan upang sumunod sa VCA. Kasunod ng bawat halalang isinasagawa sa ilalim ng Voter's Choice Act, simula Presidential Primary Election / Pampanguluhang Primaryang Halalan ng Marso 2020, isang paghahambing sa gastusin sa halalan ang ihahanda at ipapaskil sa website ng County ng Mariposa sa isang maa-access na format.

Ang mga tinatayang pangmaikling panahong gastusin ay kinabibilangan ng pagbili ng mga ballot on demand na printer para sa lahat ng sentro ng pagboto na magpapahintulot sa staff na i-print ang lahat ng uri ng balota sa loob ng county para sa halalang iyon. Kabilang sa mga pangmaikling panahong gastusin ang pagbili ng mga laptop computer para sa staff ng sentro ng pagboto upang magkaroon ng kakayahang iproseso nang direkta ang mga botante sa sistema ng pamamahala ng eleksyon. Kabilang sa mga karagdagang pangmaikling panahong gastusin ang, ngunit hindi limitado sa, may seguridad na mga koneksyon sa internet sa lahat ng mga sentro ng pagboto, malawakang pagsasanay para sa staff, pagbili ng mga kahong paghuhulugan ng boto, at mga pagrenta sa pasilidad.

Ang karagdagang perang ilalaan para sa pakikipag-ugnayan at edukasyon ng botante ay magdadagdag sa mga patuloy na gastusin, dahil pinaplano ng mga Halalan sa County ng Mariposa na patuloy na bigyang edukasyon ang mga botante sa mga proseso at serbisyo sa pagboto na makukuha ng mga komunidad na may kapansanan at minoridad sa wika.

Ang mga tinatayang gastusin sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante para sa Mga Primarya at Pangkalahatang Halalan ng 2020 kumpara sa Pangkalahatang Halalan ng 2018.

Gastusin sa Pakikipag-ugnayan	2018 Pangkalahatan	2020 Primarya	2020 Pangkalahatan
Mga Pag-aanunsyo/Paunawa	$2800	$3500	$3500
Mga Materyales sa Opisina	$140	$250	$250
Mga Postcard sa Pakikipag-ugnayan	Walang Paglalaan	$2000	$2000
Social Media	Walang Paglalaan	Walang Paglalaan	Walang Paglalaan
Mga Kaganapan sa Pakikipag-ugnayan	Walang Paglalaan	$500	$500
Mga Serbisyo sa Pagsasalin sa Wika	Walang Paglalaan	$2500	$2500

Mapalad ang County ng Mariposa sa pagkakaroon ng lokal na pahayagan na ginagawa ang malaking bahagi sa pakikipag-ugnayan sa anyo ng artikula at samakatuwid ay binubuo ng maliit hanggang sa walang gastos sa County. Dagdag dito, ang Kagawaran ng mga Halalan, sa pangkalahatan, ay naghahatid ng mga presentasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga umiiral nang mga pagpupulong sa mga grupong nakabatay sa lipunan, pulitika, pananampalataya at iba pa, na hindi rin nagiging gastusin sa mga kaganapan sa pakikipag-ugnayan. Kabilang sa mga inaasahang pangmatagalang pagtitipid ang mas pinababang gastusin para sa kagamitan, kabilang ang pagbili ng bagong kagamitan at pagpapanatili ng kagamitan, pag-print ng balota, at paggawa.

2-F Mga Gawain Pagkatapos ng Halalan

Tugunan ang Mahahalagang Pagkakaiba sa Kakayahan at Pakikilahok ng Botante, gaya ng Iniaatas ng Subdivision (g)

§4005(a)(10)(I)(iii)

Pagkatapos ng bawat halalang isasagawa sa ilalim ng Batas sa Pagpili ng Botante, susuriin ng Kagawaran ng Halalan ng County ng Mariposa ang mga komentong natanggap mula sa mga botante at hihingi ito ng impormasyon mula sa mga partner ng komunidad sa datos na nakalap alinsunod sa Seksyon 4005(g). Gagawa ng mga makatuwirang pagkilos upang matugunan ang mahahalagang pagkakaibang natukoy nang batay sa bawat item.

Tulong sa SOS na may Ulat sa Lehislatura

§4005(g)(1)(A)

Ibigay ang mga Istatistika ng Halalan sa

Ibibigay ang impormasyong batay sa istatistika sa Kalihim ng Estado, kabilang ang impormasyong nakalista sa Seksyon 4005(g).